COVERED CALIFORNIA

Nasa amin ang plano mo. At kami ang bahala sa iyo.

Isang Hakbang-hakbang na Gabay

Pusong kapwa-Californian

Planong Pangkalusugan para sa mga taga-California. Mula sa mga taga-California.

Ang Covered California ay hindi kompanya ng seguro. Kami ang mga taong gumagawang mas simple, mas patas, at mas abot-kaya ang pangangalagang pangkalusugan para sa mga taga-California. Tinutulungan ka naming magkumpara ng mga plano, makakuha ng pinansyal na tulong, at magpatala sa brand-name na coverage. Karamihan ng mga miyembro ay nakakatanggap ng pinansyal na tulong para mapababa ang buwanang premium nila, at bawat isa ay ginagarantiyahan ng parehong de-kalidad na coverage. Nandiyan kami kapag kailangan mo. Ipaglalaban ka namin. Dahil kasama ka namin.

Segurong pangkalusugan na hindi nakakalito!

Mahusay kami sa pangangalagang pangkalusugan. Kung kailangan ng tulong sa anumang punto habang nagpapatala, tumawag sa 800-983-8816 o bisitahin ang CoveredCA.com/Tagalog. Nag-aalok kami ng libreng dalubhasang tulong online, sa personal, at sa telepono sa iba't ibang wika pati na rin para sa mga nahihirapang makarinig.

UNANG HAKBANG

Tingnan kung kuwalipikado ka para sa tulong sa pagbabayad para sa saklaw ng kalusugan.

Mga 4 sa limang nagpatala ang nakakuha ng pinansyal na tulong para mapababa ang kanilang buwanang premium. Ang halaga ng pinansyal na tulong ay depende sa kita ng pamilya mo, laki ng pamilya, at kung saan ka nakatira.

Para makita kung kuwalipikado ka sa pinansyal na tulong, i-scan ang QR code o bisitahin ang CoveredCA.com/Tagalog

COVERED CALIFORNIA | Pusong kapwa-Californian

IKALAWANG HAKBANG

Tuklasin ang iyong mga opsyon ng saklaw

Nag-aalok ang Covered California ng apat na antas ng pagsaklaw na kilala bilang sukatang metal: Bronze, Silver, Gold at Platinum. Babayaran ng mga kompanya ng seguro ang isang bahagi ng mga saklaw na serbisyo, at ang mga benepisyo na inaalok sa bawat antas ay magkakapareho kahit alinmang kompanya ang piliin mo.

Piliin ang **Platinum** o **Gold** at magbabayad ka ng mas mataas na buwanang premium, ngunit magbabayad ka ng mas mababa sa mga serbisyong medikal kapag ito'y kinailangan mo.

Piliin ang **Silver** o **Bronze** at magbabayad ka ng mas mababang buwanang premium, ngunit magbabayad ka ng mas mataas para sa mga serbisyong medikal kapag ito'y kinailangan mo.

Mayroong **planong may pinakamababang saklaw** para sa mga mas bata sa edad na 30 taong gulang o mga 30 taong gulang at mas matanda na tumanggap ng pagkalibre dulot ng kahirapan mula sa Covered California.

Bisitahin ang **CoveredCA.com/Tagalog** at piliin ang **"Shop and Compare"** upang makita kung anong mga brand-name na planong pangkalusugan ang tama para sa iyo.

Pusong kapwa-Californian

Mga pangkaraniwang benepisyo ng saklaw sa 2027 ayon sa antas

MGA PANGUNAHING BENEPISYO	**BRONZE** Sumasaklaw sa 60% ng karaniwang taunang gastos	**SILVER (CSR)** Sumasaklaw sa hindi bababa sa 70% ng karaniwang taunang gastos[1]	**GOLD** Sumasaklaw sa 80% ng karaniwang taunang gastos	**PLATINUM** Sumasaklaw sa 90% ng karaniwang taunang gastos
Maibabawas sa indibidwal/pamilya	$5,800/$11,600	$4,700/$9,400	Walang maibabawas	Walang maibabawas
Taunang pagbisita sa pangangalaga para sa pag-iwas sa karamdaman	Walang gastos	Walang gastos	Walang gastos	Walang gastos
Copay para sa pangunahing doktor ng pangangalaga	$60	$50	$40	$20
Copay para sa pagbisita sa agarang pangangalaga	$60	$50	$40	$20
Copay para sa pang-emerhensiyang kuwarto	40%[2]	$400	$350	$225
Copay para sa generic na gamot	$20	$20	$19	$10
Pinakamataas na out-of-pocket na gastos bawat indibidwal	$11,650/taon	$11,650/taon	$9,600/taon	$5,500/taon
Taunang pinakamataas na out-of-pocket na gastos bawat pamilya[1]	$23,300/taon	$23,300/taon	$19,200/taon	$11,000/taon

Para magsimula, bisitahin ang CoveredCA.com/Tagalog o tumawag sa 800-983-8816.

Hindi nakalista sa tsart ang lahat ng medikal na mga copay at coinsurance rate. Para sa kumpletong impormasyon, bisitahin ang

1. Ang Silver ang tanging antas kung saan ang mga gastos ay maaaring maging mas mababa batay sa pinagsama-samang kita ng iyong sambahayan. Ang mga planong ito ay tinutukoy din na Enhanced Silver Plans
2. 40% pagkatapos ng maibabawas, hanggang sa taunang out-of-pocket max.

COVERED CALIFORNIA | Pusong kapwa-Californian

IKATLONG HAKBANG

Mga kakailanganin mo upang magpatala

Ang mga sumusunod ay kakailanganin ng bawat miyembro ng pamilya na nag-a-apply para sa saklaw:

- ZIP code ng tirahan
- Petsa ng kapanganakan
- Katibayan ng kasalukuyang kita ng sambahayan[1]
- California ID o lisensya sa pagmamaneho
- Numero ng Social Security o numero ng identipikasyon ng indibidwal na tagabayad ng buwis (ITIN), kung ikaw ay mayroon nito
- Katibayan ng pagkamamamayan o legal na estado ng imigrasyon (hal., U.S. passport, sertipiko ng pagkamamamayan o dokumento ng naturalisasyon, green card, o isang wastong visa)[2]

Kinakailangan ko bang magkaroon ng segurong pangkalusugan?

Sa California, ang karamihan ng tao ay inaatasan ng batas na magkaroon ng segurong pangkalusugan at kung hindi ay magbabayad ng multang buwis. Bisitahin ang website ng Franchise Tax Board sa www.ftb.ca.gov upang matantya ang indibidwal na shared responsibility penalty na maaari mong utang kung wala kang segurong pangkalusugan o kung kuwalipikado ka para sa exemption.

HMO. PPO. EPO.

TUTULUNGAN KA NAMING MAUNAWAAN ANG LAHAT NG ITO

Karamihan sa mga kumpanya ng seguro ay nag-aalok ng tatlong uri ng mga plano:

Ang mga **HMO**, o Health Maintenance Organization, ay segurong pangkalusugan na sumasaklaw lamang sa mga serbisyong medikal sa loob ng network ng plano (maliban sa emergency), at kailangan mo ng referral bago magpatingin sa isang espesyalista.

Ang mga **PPO**, o Preferred Provider Organization, ay segurong pangkalusugan para sa mga serbisyong medikal kapwa sa loob at labas ng network ng plano, ngunit ang mga miyembro na hindi kinakailangan ng referral (magkakaiba ang gastos sa loob at labas ng network).

Ang mga **EPO**, o Exclusive Provider Organization, ay segurong pangkalusugan na sumasaklaw sa pangangalaga sa loob ng network (maliban sa emergency), pero hindi mo kailangan ng referral para magpatingin sa isang espesyalista.

Mahalagang tandaan na hindi lahat ng mga HMO, PPO, at EPO ay magkakapareho. Bago pumili ng isang plano, gamitin ang "**Shop and Compare**" tool sa **CoveredCA.com/Tagalog** upang alamin ang mga detalye tulad ng kung anong mga doktor at ospital ang sakop at magkano ang gastos sa pagpapatingin sa isang doktor na hindi kabilang sa network.

IKAAPAT NA HAKBANG

Gumawa ng isang account at magpatala

Magpatala sa iyong plano sa **CoveredCA.com/Tagalog**. Lumikha lamang ng user account at sundin ang proseso ng pagtala gamit ang impormasyon sa ikatlong hakbang.

IKALIMANG HAKBANG

Bayaran ang buwanang premium mo

Bayaran ang iyong buwanang premium nang buo at sa takdang oras upang matiyak na tuloy-tuloy ang iyong saklaw. Ang hindi pagbayad ng iyong premium ay maaaring magresulta sa pagka-gambala o pagkansela ng iyong saklaw sa kalusugan.

COVERED CALIFORNIA

BUKAS NA PAGPAPATALA: Nob 1 – Ene 31

MEDI-CAL: Available sa buong taon

ESPESYAL NA PAGPAPATALA: Available sa loob ng 60 araw pagkatapos ng karamihan sa mga kaganapan sa buhay

Tumutulong ang Espesyal na Pagpapatala na makakuha ng saklaw ang mga taga-California sa loob ng 60 araw pagkatapos ng karamihan sa mga pagbabago sa buhay, tulad ng pagkawala ng segurong pangkalusugan, pagbabago sa laki ng sambahayan, o paglipat sa o sa loob ng California.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Espesyal na Pagpapatala, bisitahin ang CoveredCA.com/special-enrollment

1. Katibayan ng kasalukuyang kita ng lahat ng mga miyembro sa sambahayan ng buwis, tulad ng isang kamakailang tax return, W-2, o pay stub. Ang kita ng isang dependent ay dapat lamang isama kung ang antas ng kanilang kita ay nangangailangan ng tax return. Ang sambahayan ay binubuo ng pangunahing taong naghahain ng buwis at lahat ng mga dependent na inaangkin sa mga buwis ng taong iyon. Kung ikaw ay hindi nagsumite ng mga buwis, maaari ka pa ring maging kuwalipikado para sa libre o mababang gastos na insurance sa pamamagitan ng Medi-Cal.
2. Maaari kang mag-apply para sa iyong kuwalipikadong anak o asawa kahit na ikaw ay hindi kuwalipikado.

Covered California complies with applicable federal civil rights laws and does not discriminate on the basis of race, color, national origin, age, disability, or sex.
1-800-300-1533 (TTY 1-888-889-4500). Atención: Si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 1-800-300-0213 (TTY: 1-888-889-4500).
注意：如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電
1-800-300-1533 (TTY 1-888-889-4500).

Mga sagot na gusto mo. Coverage na kailangan mo. Tulong na kapaki-pakinabang.

COVERED CALIFORNIA | Pusong kapwa-Californian

Tao ka. Hindi ka premium.

Bilang bahagi ng Affordable Care Act (ACA), ginagarantiyahan ng Covered California na —

- Ang dating mga kondisyong pangkalusugan ay hindi makapipigil na ang isa ay makakuha ng saklaw ng pangkalusugan.
- Ang iyong plano ay hindi maaaring kanselahin dahil ikaw ay may sakit o napinsala.
- Lahat ng mga plano ay may kasamang libreng pangangalaga para sa pag-iwas sa karamdaman.
- Ang kabataan ay maaaring masakop sa ilalim ng plano ng kanilang mga magulang hanggang sa edad na 26.
- Lahat ng pribadong impormasyon, kabilang ang katayuan sa imigrasyon/ pagkamamamayan, ay pinananatiling kumpidensyal.

Hayaan mong tulungan ka namin.

Nandito kami para sa deretsahang pag-uusap at hindi sa paligoy-ligoy na usapan. Kung may tanong ka o para makahanap ng personal na tutulong sa iyo, kontakin ang:

CoveredCA.com/Tagalog o tumawag sa 800-983-8816.

COVERED CALIFORNIA | Pusong kapwa-Californian

D-CCA-XXXXXXXX TGL-1026